

# **MAGALING DATAPOUA: Ang Dating at Galing sa Estetika ng Ating Panitikan**

---

Bienvenido Lumbera

**M**ay kuwento tungkol sa prayleng Espanyol na si Padre Francisco Blancas de San Jose, na binansagang “Demosthenes ng Wikang Tagalog” ng mga kapuwa niya Espanyol bilang pagkilala sa kadalubhasaan niya sa pag-aaral at paggamit ng Tagalog. Nagsulat siya ng mga tulang Tagalog na kanyang iniayon sa mga batas ng pagtula sa kanyang sariling wika. Sa pag-aakala marahil na hahangaan at tutularan ang kanyang katha, ipinabasa niya ito sa isang katutubo. Matapos basahin ang tula ng misyonero, magalang na sinabi ng katutubo, “Magaling datapuoa hindi tola.”

Ang sinabi ng katutubo ay siya na marahil pinakaunang napatalang halimbawa ng panunuring pampanitikan sa Filipinas. Marahil ay sinundan pa ang pangungusap ng pagpapaliwanag, pero sa kasamaang-palad ang pinakaunang kritiko ay hindi nagsulat, kaya’t ang mga dahilan kung bakit hindi niya kinilalang tula ang ipinabasa sa kanya ni Padre San Jose ay hindi na natin matatalos. Ang tanging magagawa natin sa ating panahon ay hakain kung bakit ganoon ang naging reaksiyon ng di-kilalang “kritiko” sa unang kaso ng relasyong pampanitikan sa pagitan ng Espanya at ng Filipinas.

“Hindi tula” ang akda ni Padre San Jose dahil, sa palagay ko, hindi umalinsunod sa tradisyonal na pagtula ng mga Tagalog. Unang dekada noon ng Siglo 17 at ang kinagisnang mga tula ng di-kilalang “kritiko” ay maiikling berso na madalas ay may sukat na pipituhin at nagsasalaysay o naglalarawan ng buhay-buhay ng komunidad at karanasan sa karagatan o

kagubatan. Tuwing may dakilang pagtitipon ng lipi, may mahaba namang tula tungkol sa mga bayani at diyos ng lipi, na hinihimig ayon sa mga tonong mula pa sa panahong kauna-unahan. Samakatwid, bago pa dumating ang mga misyonerong kagaya ni Padre San Jose, mayroon nang kinikilalang nilalaman at anyo ang tulang Tagalog. Ang mga akdang binibigkas sa pang-araw-araw na buhay at sa mga dakilang okasyon ay mayroon nang tiyak na anyo at mga alituntuning sinusunod sa paglikha. Noon pa man ay mayroon nang identidad ang tulang Tagalog, mayroon itong sariling estetika.

Madalas maharap ang guro at ang kritiko sa pangangailangang mag-bitiw ng hatol o opinyon tungkol sa isang akda. Sa ganyang pagkakataon, ang hatol o opinyon ay hinuhugot sa kamalayang tinigib ng mga kaalaman tungkol sa malikhaing pag-akda ng unibersidad na pinanggalingan ng guro o kritiko. Pinag-aralan niya ang panitikan, nagpakadalubhasa marahil sa gradwadong paaralan, at sa loob ng panahong pinagtitibay niya ang kanyang pagiging eksperto sa panitikan, ang mga babasahing kanyang sinangguni ay kadalasa'y galing sa Kanluran. Hindi kataka-taka samakatwid na ang mga pamantayang sumapi sa kanyang kamalayan ay mga pamantayang hinalaw sa ortodoksiya ng akademya sa Kanluran. At hindi rin kataka-taka na ang maraming akdang lokal na pinaraan sa nasabing mga pamantayan ay hindi nakapasa at nasadlak sa katayuang “segunda klase” o “medyo kulang.”

Sa harap ng tambak ng mga akdang hindi nabasbasan bilang “primera klase,” lumilitaw ang pag-aalinlangan sa sukatang ginagamit ng mga kritiko. Baka kaya hindi angkop ang sukatan sa mga akdang sinusukat? Baka ang estetikang ginawang urian ay walang kinalaman sa kasaysayan at kulturang humubog sa akda?

Kailangan nating tuklasin ang isang estetikang may nasyonalidad, isang estetikang mababansagang “estetika ng panitikang Filipino.” Sa isang panayam na nauna ko nang binasa sa isang porum sa U.S.T ganito ang ak-  
ing sinabi:

Kailangan ang isang estetikang may nasyonalidad upang mabigyan ng timbang na pagpapahalaga ang mga likhang-sining ng ating mga kababayang manlilikha, na kadalasa'y nasasantabi dahil inuuri ayon sa mga pamantayang hindi nagsasaalang-alang na ang mga iyon ay bunga ng isang partikular na kasaysayan at kultura. “Estetika ng panitikang

Filipino,” dahil gusto nating basahin ng mga edukadong mambabasa ang mga akda ng mga manunulat na Filipino bilang mga tula, kuwento, dula at nobelang nasulat sa loob ng lipunang may sariling kasaysayan at kultura, hindi bilang mga akdang iniayon sa mga pamantayang “unibersal” ng mga taga-Kanluran. Binibinyagang “Filipino” ang mga likha upang itanim sa isipan ng madla na ang mga ito ay ginawa ng kanilang kababayang humihinging pansinin ng kapwa Filipino. Hanggang kalian uulit-ulitin ang pagbibinyag? Hanggang hindi pa lumilitaw ang henerasyon ng kabataan na hindi na kailangang paalalahanan na ang likhang nasa kanilang harapan ay likhang sa Filipinas nilikha at likhang iniukol sa mga Filipino. (“Balik-Muni sa Dating: Panibagong Dulog sa Estetika,” U.S.T.)

Ano ang nagbunsod sa di-kilalang kritiko ni Padre San Jose na magsabing hindi tula ang ipinabasa sa kanya ng misyonero? Mahihinuha natin na ang paksain ng nasabing tula ay kaiba sa paksain ng mga tulang kilala na ng katutubo. Hindi kilala ng katutubo ang anyong *romance* na noon pa lamang ginamit sa isang tulang isinulat sa Tagalog. Hinango ni Padre Jose ang paksain at mga tema mula sa relihiyong kanyang ituturo sa mga bagong binyagan. Hindi tula ang akda ni Padre San Jose dahil hindi ito ang tulang Tagalog ng mga Tagalog.

Linawin nga natin ang mga konsepto ng dating at galing upang mau-nawaan ang kaugnayan ng mga ito sa pagpapanukala ng isang estetika ng panitikan ng Filipinas. Ating suriin ang isang tulang kilala na ng marami at itinuturing nang bahagi ng kanon ng ating panitikan. Nasulat ito mahigit nang 70 taon ang nakararaan at may dalawa nang yugto ng pagkabuhay ang pinagdaanan ng tula sa kasaysayan ng panitikang Filipino. Ito ay ang “Kung Tuyo Na ang Luha Mo, Aking Bayan” ni Amado V. Hernandez. Nalathala ang tula noong 1930, malamang sa kolum na “Sa Sariling Hardin” sa diaryong *Pagkakaisa*. Wala pang nagagawang pananaliksik sa unang yugto ng buhay ng tula kaya’t ang tangi pa lamang na masasabi tungkol dito ay hindi itinuring ng makata na karapat-dapat itong mapasama sa koleksiyon ng mga tulang isinali niya sa Commonwealth Literary Award ng 1940, ang *Kayumanggi at Ibang Tula*. Ang ikalawang yugto ng buhay ng “Kung

Tuyo Na ang Luha Mo, Aking Bayan” ay nagsimula noong 1961 nang ito ay lumabas sa koleksiyong *Isang Dipang Langit* sa pangkat ng mga tulang napapailalim sa seksiyong “Kalayaan”. Sa panahong ito, tanyag na si Hernandez bilang bilangong politikal na kinulong batay sa paratang na “rebellion complexed with other crimes” at pinalaya ng Korte Suprema matapos ng mahabang mga taon ng pagkabimbin sa Muntinlupa. Hindi naging sagabal ang kanyang naging kaso sa muling paghanay niya sa mga “usual suspects” na sinusubaybayan ng militar. Hinikayat siya ng mga kabataang aktibista na dumalo sa mga simposyum at, sa kalaunan, sa mga martsa at demonstrasyon. Sa mga huling taon ng Dekada 60, nakalkal ng mga manggagawang pangkultura ang “Kung Tuyo Na ang Luha Mo, Aking Bayan.” Madaling napasok ang tula sa repertoryo ng mga grupong pangtanghalan. Sa mga rally at demonstrasyon, binuhay ang tula sa tradisyong oral.

Noong mga taong 1920, mainit na usapin ang isyu ng independensiya. Ang nakararaming mamamayan, gaya ng pinatutunayan ng eleksiyong 1922, ay matibay ang suporta sa mga politikong naninindigan para sa kalayaan. Ang mga lider naman ay hati sa pangkat na para sa kagyat na paglaya (“independencia inmediata”) at pangkat para sa pagpapalipas ng panahon ng transisyon sa ilalim ng pangangalaga ng Estados Unidos (“autonomia”). Sa kabilang dako, may mga kongresistang Amerikano na kumikilos upang wakasan na ang pananakop dahil nakasasama ang patuloy na pag-aalaga ng E.U. sa kolonya sa ekonomikong interes ng sektor ng agrikultura. Sa larangan ng politika sa ilalim ng pamahalaang kolonyal, ang pagsusugo ng mga “independence mission” na nakikipagnegosasyon sa mga opisyal at mambabatas sa Washington, ay nakasandal sa pag-asang sa malao’t madali ay ipagkakaloob ng E.U. and independensiya.

Peryodista si Amado V. Hernandez na nagsusulat para sa diyaryong *Pagkakaisa* kung saan may patulang kolum siyang pinamagatang “Sa Sari-ling Hardin.” Isang araw hinamon siya ng kaibigang Jose Corazon de Jesus na may patulang kolum ding pinamagatan namang “Mga Lagot na Bagting ng Kudyapi” sa diaryong *Taliba*. Pagtalunan daw nila sa kanya-kanyang kolum ang isyu ng independensiya. Kaibang balagtasang ang ibubunga ng hamon ni de Jesus — sa halip na balagtasang magkaharap sa entablado ang dalawang makatang nagtatalo, ang balagtasang iminungkahi ni de Jesus ay nakalimbag, paghaharap ng dalawang makata na nasa magkaibang publikasyon. Ibig sabihin, kailangan ng magkabilang panig ng pag-iingat sa

pagbibitw ng mga argumento at sa paghahabi ng kanilang tula.

Sa paunang tula ni de Jesus, tinawag niyang taksil ang lahat ng nanawagan para sa kalayaan na “kukunin sa mapayapa ang pag-ibig sa kalayaan.”

Lahat tayo rito’y taksil, lahat-lahat, oo, lahat,  
Sapagkat sa gintong mana ng dakilang Balintawak,  
Ngayo’y utay-utay nating ang paglaya’y tinutuklas  
At gumagapang ang api’t nagpapalimos ang duwag.

Dahil siya ang hinamon, nalagay si Hernandez sa posisyong nagtatanggol sa panig ng awtonomiya.

Ang pangkating politikong nakaupo’y hindi taksil,  
Kanila ring sinasakit na magwagi sa usapin:  
Kung sila ma’y walang tabak, may panulat at may papel,  
Ang di nakuha sa lakas, sa katwiran daraanin.

Tumagal ang balagtasang nang siyam na sagutan mula 15 Pebrero hanggang 21 Marso. Bahagi ng tradisyon sa balagtasang ang palitan ng maaanghang na tudyo, at kadalasan ang pag-uuyam ay may layong makasugat sa katalo. Sa ikaapat na sagot ni de Jesus, tinawag niya si Hernandez na “makata ng Amerika, at manunula ng pamahalaan.” May halong biro man ang ganyang pagbabansag ni de Jesus, ngunit tila may sugat na naiwan kay Hernandez ang sinabi ng kaibigang makata. May mga palatandaan sa loob ng tula, na ang anti-kolonyal na “Kung Tuyo Na ang Luha Mo, Aking Bayan,” ay isinulat ni Hernandez nang sumunod na taon (1930) bilang pagtatanggol sa sarili laban sa paratang na siya’y “makata ng Amerika”

Ano kaya ang naging dating ng tula ni Hernandez sa mga mambabasa ng kanyang kolum? Dahil sariwa pa sa alaala ng mga mambabasa ng *Pagkakaisa* ang balagtasang de Jesus-Hernandez, mahihinuha natin na ang mga pumapanig sa awtonomiya ay nalungkot at ang mga panig naman sa kagyat na kalayaan ay nagdiwang. Ang “Kung Tuyo Na...” ay kabaligtaran ng paninindigang ipinagtanggol ni Hernandez sa balagtasang. Doon sa

balagtasán ay ipinagmatuwid niya ang isang panahon ng pagpapailalim sa kolonyal na pangangalaga ng Estados Unidos. Dito ay inilarawan niya ang marawal na kalagayan ng kolonya at nag-iwan ng pagbabanta ng marahas na pag-aalsa pagdating ng panahong ubos na ang pagtitiis ng bayan sa kanyang kaapihan. Dito sa maikling tulang ito, pinatunayan ni Hernandez na tiyak na hindi siya “makata ng Amerika.”

Para sa mambabasang hindi nakasubaybay sa balagtasán, ang epekto ng tula ay nakalangkap sa mga alaala ng mga naunang tula tungkol sa bayan. Halimbawa ang magkatuwang na tula nina Hermenegildo Flores at Marce-lo H. del Pilar sa panahon ng Propaganda, ang “Hibik ng Filipinas sa Inang Espanya” at ang “Sagot ng Espanya sa Hibik ng Filipinas.” Sa dalawang tula, ang tauhang “Filipinas” ay tumatayong Inang Bayan ng mga mamamayang nakapailalim sa Espanya. Sa tula ni del Pilar, ang mga huling saknong ay may taglay na pangaral sa inang humihingi ng tulong sa Espanya.

Sa pinakaunang tula na ang bayan ay inilarawan bilang ina, ipinataw sa mga anak ng Inang Filipinas ang tungkuling humanap ng mailulunas sa paghihirap nito. Sa tula ni Hernandez, nakasentro ang larawan ng inang nananangis.

Subalit ang tulang “Pag-ibig sa Tinubuang Lupa” ni Andres Bonifacio ang tuwirang inuugnayan ng pamagat at nilalaman ng “Kung Tuyo Na...” Nagsisimula ang tula sa retorikal na tanong: “Aling pag-ibig pa ang hihi-guit kaya/ sa pagkadalisa’y at pagkadakila/ Gaya ng pag-ibig sa tinubuang lupa?” Makaraan ang ilang saknong, ang “tinubuang lupa” ay tatawagin nang Inang Bayan: “Ay! Ito’y ang Inang Bayang tinubuan...”

Isang madamdaming panawagan ang tula sa lahat ng anak ng bayan — mga mamamayang nabigo ang pag-asang makatikim ng ginhawa sa buhay, ang nawalan na ng pag-asa para sa pagbabago, ang inulila ng mga mahal sa buhay, ang tahasang biniktima ng malalakas, ang lahat ng dukha na naghahangad makaahon sa dustang kalagayan.

Ipaghandog-handog ang buong pag-ibig,  
Hanggang sa may dugo’y ubusing itigis,  
Kung sa pagtatanggol, buhay ay mapatid  
Ito’y kapalaran at tunay na langit.

Sa dulang “Kahapon, Ngayon at Bukas” ni Aurelio Tolentino, ibang larawan ng Inang Bayan ang ginagampanan ng tauhang Ynangbayan. Hindi biktimang nananangis at humihingi ng saklolo, isa siyang inang matapang at makilos. Sa Unang Bahagi pa lamang ay ipinakilala na siya bilang ba-baeng palaban, walang takot sa kontrabidang Asalhayop. Buong kapangahasang niyang sinugod ang piging ni Asalhayop upang ilantad ang ginawang pagtataksil nito sa kanyang mga kababayan. Siya ang Inang Bayang kapag naubusan na ng luha ay “sisigaw (nang) buong giting sa liyab ng libong sulo” at lagot sa pamamagitan ng punlo sa tanikalang gapos sa kanya.

Para sa mga mambabasang hindi marunong bumasa o walang pagkakataong magbasa o manood ng teatro, ang tula ni Hernandez ay tagapagmulat sa mga mamamayan ng kasalukuyan hinggil sa nagaganap na Amerikanisasyon ng pamumuhay at kabuhayan ng mga Filipino. Ipinagugunita ang pagsakop sa “lupain mong kawawa” na ang ibinunga ay “ang bandilang sagisag mo’y lukob ng dayong bandila,/ pati wikang minana mo’y busabos ng dayong wika.” Kinipil sa dalawang taludtod ang politikal at kultural na pagkasupil ng mga Filipino: hindi timbang ang lakas ng dalawang bayang nagtunggali, isang bansang “maliit” laban sa bansang “malaki.” Inungkat din ang eksploytasyong ekonomiko na nagpapayaman sa mananakop at nagpapahirap sa nasasakupan: “Ang lahat mong kayamana’y kamal-kamal na naubos/ Ang lahat mong kalayaa’y sabay-sabay na natapos.” At upang lalo pang maipamalay ang pagkapiit ng bayang sinakop: “Masdan mo ang iyong lupa, dayong hukbo’y nakatanod,/ Masdan mo ang iyong dagat, dayong bapor, nasa laot!” Ang kalagayang inilarawan ay dapat lamang tangisan ng bayan. Kung ang mga anak ng bayan ay walang gagawin upang baguhin ang kalagayan ng Filipinas “lumuha ka nang lumuha’t ang laya mo’y nakaburol.” Subalit may natatanaw pa ring pag-asa ang inaapi. Hindi mananatili sa pagtitiis ang bayan — habang lumalaon ang pang-aapi at pagsasamantala, nauubos din ang luha, at sa kalauna’y magiging punlo itong lalagot sa “lumang tanikala.” Sa tahasang turing, ang pighati ay nagiging tapang na dumudulo sa paghihimagsik.

Sa ikalawang pagkabuhay ng “Kung Tuyo Na ang Luha Mo, Aking Bayan,” ang tula ay tigib ng mga alaala ng mapupusok na araw ng pagmamartsa at pagtutol noong babagong lumalaganap ang ideolohiya ng pambansang demokrasya sa Dekada 70: Noon ang tula ay binibigkas

ng mga indibidwal na aktibista, sabayang isinisigaw ng mga aktor sa pagtatanghal nila sa kalye at plasa, binibigkas bilang pagsaliw sa sayaw na nilikha batay sa mga ideyang laman ng tula. Hindi ito itinuring na tulang galing sa isang partikular na panahon ng kasaysayan ng Filipinas. Ang Filipinas na inilalarawan ay ang Filipinas pa rin nang unang malathala ang tula. Para sa mga aktibista sa mga grupong pantanghalan, kontemporaryong akda ito na ang nilalama'y ugmang-ugma sa anti-imperyalistang linya ng kilusan. Ang Dekada 70 ay panahon ng pananawagan sa mga mamamayan na idilat ang kanilang mata at buksan ang kanilang isipan upang maunawaan nila ang pangangailangan para sa radikal na pagbabago ng lipunang Filipino. Na ang tula ay nagsisimula sa pagkalukob ng Filipinas at ang mga kondisyong nilikha ng kolonyal na pananakop ay paglalarawan na rin sa kalagayan ng lipunang Filipino bago dumaluyong ang Unang Sigwa — lupig at pasibo ang mga mamamayan kaya't kailangang pukawin ng mga kabataan upang ipaglaban nila ang kanilang “lupaing kawawa.” Masasabi natin samakatwid na sa ikalawang pagkabuhay ng tula ni Hernandez, dahil ang sumalo sa tula at nagdala nito sa gitna ng sambayanan ay isang kilusan, tumalab nang husto ang tula, hindi na sa mga indibidwal na mambabasa lamang, kundi sa kalipunan ng mga taong binigkis ng paniniwala na ang inilalarawan ng tula ay ang kanila mismong kalagayan.

Matingkad ang ambag ng kultura at kasaysayan sa lakas ng dating ng tula ni Hernandez. Subalit dapat ding kilalanin na mayroon ding internal na pinagmulan ang nasabing lakas. Matibay ang ugat ng sining sa pagtula ni Hernandez sa tradisyong pabigkas. Isa siyang kilalang mambabalagtas ng kanyang panahon, kaya't gamay na gamay niya ang mga epektos na maipapasok niya sa pagbubuo ng tulang kapag binigkas sa pampublikong okasyon ay pakikinggan at hahayaang tumalab sa kalooban ng mga tagapakinig. Taal na Tagalog si Hernandez, at sa kanyang karanasan bilang mambabalagtas alam niyang ang angkop na sukat ng mga taludtod at ang pihikang pamimili ng tugma sa dulo ng taludtod, kapag matagumpay na napagtagpo ng makata, ay nagdudulot sa likha makata ng indayog at tunog na nag-uudyok sa nasisiyahang mga tagapakinig na pumapalakpak.

Pansinin kung paano sinisilo ng makata ang atensiyon ng tagapakinig sa pagbubukas ng tula na pinaglalaruan ang tunog at indayog:



Lumuha ka, aking Bayan: buong lungkot mong iluha  
Ang kawawang kapalaran ng lupain mong kawawa  
Ang bandilang sagisag mo'y lukob ng dayong bandila  
Pati wikang minana mo'y busabos ng ibang wika.

Ang sukat ng mga taludtod ay lalabing-animin, may mariing paghinto pagkatapos ng ikawalong pantig, at may magaang paghinto pagkatapos ng ikaapat na pantig. Mahahaba ang mga taludtod kaya't malubay ang ritmo, nagpapahiwatig ng pagkapagod at lumbay. Subalit pansinin na sa pamamagitan ng pag-uulit ng mga pariralang magkakahawig ang konstruksiyon (“Katulad mo ay si Huli,” “Katulad mo ay si Sisa;” “ang lahat mong kayamana’y,” “ang lahat mong kalayaa’y”) at ng pagpapares-pares ng mga pangungusap (“Kung ang araw sa langit mo ay lagi nang dapithapon,” “Kung ang alon sa dagat mo ay ayaw nang magdaluyong”), may umuukilkil na ritmo ng alon-along pagdagsa ng mga taong nagmamartsa. Isinasadsad tayo sa kagilagilalas na huling saknong na sadyang sinira ang regular na ritmo: ang ikalawang taludtod ay humulagpos, dumausdos sa ikatlo, at doo’y may bahagyang pagkauntol sa ikaapat na pantig (nilagyan ng kuwit), at sa ikawalo (kuwit uli), at nabuo ang diwa ng pangungusap sa dulo na lamang ng taludtod. Hinigit ng ganyang pagsira sa regular na ritmo ang pansin natin sa transpormasyon ng talinghaga: ang luha ay naging apoy, ang apoy ay naging dugo, ang dugo ay naging asero, ang asero ay naging punlo. Mula sa pananangis, iniba ang timpla ng tula ng pagsira ng ritmo, at naunawaan natin na ang pighati ay nagiging pakikitunggali.

Sa wikang Tagalog, ang salitang madalas gamitin kapag pinupuri ang isang likhang-sining ay “maganda.” Ang konsepto ng galing at dating ay isang pagtatangkang palamnan ang palasak na salita ng teoryang umaarok sa tinatawag na estetika ng panitikang Filipino. Sa pagbasang ginawa sa “Kung Tuyo Na ang Luha Mo, Aking Bayan,” hinanap ang mga kaisipan at karanasang sinasapantaha na nagkabisa sa kamalayan at kalooban ng mga nakabasa o nakarinig sa tula. Upang matuklasan ang mga kaisipan at karanasang iyon, binalikan ang kasaysayan ng akda at ang naging ugnay nito sa mga pangyayari sa lipunan at sa awtor at hinaka ang naging bisa ng akda sa mambabasa. Tinangka ring alamin kung ano ang ginawa ng awtor sa kanyang materyal at nangyaring tumalab and akda sa kamalayan at kalooban. Ang mga pamamaraang kanyang minana, hiniram, at inimbento

upang ang kanyang materyal ay bigyan ng kabuluhang mapanghahawakan ng mambabasa ay siyang nagpapakilala sa galing ng manunulat. Hindi aktuwal na napaghihiwalay ang dating at galing ng karaniwang mambabasa, at hindi iyon mahalaga para sa kanya. Ang mahalaga ay may naramdaman, may naranasan siya, at kung paano iyon nagawa ng awtor ay hindi niya kailangang alamin, maliban na lamang kung siya ay isa ring manlilikha tulad ng awtor na nagdulot sa kanya ng kasiyahan at kabuluhan.

Marahil nang sabihin ng di-kilalang kritiko ng tula ni Padre San Jose na “Magaling datapoua hindi tola” ang akda ng prayle ay hindi na niya kailangang magpaliwanag pa. At dahil hindi naman siya isang akademiko, hindi niya obligasyon na ipagmatuwid ang kanyang opinyon. Magaling ang akda dahil halata namang may mga alintuntuning sinunod sa pag-akda kaya nabuo ang akda. Pero para sa di-kilalang kritiko, mayroon siyang hinahanap na hindi niya natagpuan. “Magaling datapuwat walang sinasabi sa akin.” “Magaling datapuwat walang dating.” Iyan marahil ang tunay na sinasabi ng katutubo.

## **KUNG TUYO NA ANG LUHA MO, AKING BAYAN**

Lumuha ka, aking Bayan; buong lungkot mong iluha  
Ang kawawang kapalaran ng lupain mong kawawa:  
Ang bandilang sagisag mo’y lukob ng dayong bandila,  
Pati wikang minana mo’y busabos ng ibang wika:  
Ganito ring araw noon nang agawan ka ng laya,  
Labintatlo ng Agosto nang saklutin ang Maynila.

Lumuha ka, habang sila ay palalong nagdiriwang,  
Sa libingan ng maliit, ang malaki’y may libangan;  
Katulad mo ay si Huli, naaliping bayad-utang,  
Katulad mo ay si Sisa, binaliw ng kahirapan;  
Walang lakas na magtanggol, walang tapang na lumban,  
Tumataghooy kung paslangin; tumatangis kung nakawan!

Iluha mo ang sambuntong kasawiang nagtalakop  
Na sa iyo'y pampahirap, sa banyaga'y pampalusog:  
Ang lahat mong kayamana'y kamal-kamal na naubos;  
Ang lahat mong kalayaa'y sabay-sabay na natapos;  
Masdan mo ang iyong lupa, dayong hukbo'y nakatanod,  
Masdan mo ang iyong dagat, dayong bapor, nasa laot!

Lumuha ka kung sa puso ay nagmaliw na ang layon,  
Kung ang araw sa langit mo ay lagi nang dapithapon,  
Kung ang alon sa dagat mo ay ayaw nang magdaluyong,  
Kung ang bulkan sa dibdib mo ay hindi man umuungol,  
Kung wala nang maglalamay sa gabi ng pagbabangon,  
Lumuha ka nang lumuha't ang laya mo'y nakaburol.

May araw ding ang luha mo'y masasaid, matutuyo,  
May araw ding di na luha sa mata mong namumugto  
Ang dadaloy, kundi apoy, at apoy na kulay dugo,  
Samantalang ang dugo mo ay aserong kumukulo;  
Sisigaw kang buong giting sa liyab ng libong sulo  
At ang lumang tanikala'y lalagutin mo ng punlo!